

---

---

# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT

---

---

## CITY ORDINANCES

### ORDINANCE No. 59

#### REGULATING THE OCCUPATION OF PORTER OR "CARGADOR" IN THE CITY OF MANILA.

**B**Y virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

**SECTION 1. Definition of porter or "cargador".**—Every person who, for hire or compensation, renders personal service to another, for the conveyances of any kind of article or merchandise, shall be deemed a porter or "cargador" for the purposes of this ordinance.

**SEC. 2. Registration.**—No person shall engage in the calling or occupation of porter or "cargador" without first having obtained from the Metropolitan Constabulary Commander a certificate of registration which shall serve as his identification and license.

**SEC. 3. Period of validity; fees.**—Each certificate of registration shall be valid for one calendar year and may be renewed from year to year.

For the issuance and every renewal of each certificate, a fee of fifty centavos shall be paid. Upon the loss or destruction of the original, a duplicate shall be secured upon the payment of twenty-five centavos.

**SEC. 4. Qualifications.**—No certificate of registration shall be granted to any person unless satisfactory proof of his good character and conduct shall have been made to the Metropolitan Constabulary Com-

### KAUTUSANG BLG. 59

#### NA NAGTATADHANA NG PAMALAKAD SA HANAPBUHAY NA TAGAHAKOT O "CARGADOR" SA SIYUDAD NG MAYNILA.

**S**A bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagkakataon Alkalde sa Siyudad ng Maynila, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

**TUNTUNING 1. Pakahulugan sa tagahakot o "cargador".**—Sino mang taong sa pagpapaupa o pabuya, ay magdulot ng sariling paglilingkod sa iba, upang maghakot ng ano mang uri ng paninda o kalakal, ay ipalalagay na tagahakot o "cargador" sa layon ng kautusang ito.

**TUNT. IKA-2. Pagpapatala.**—Walang sino mang taong gaganap ng gawain o hanapbuhay na tagahakot o "cargador" nang hindi muna nakapagtatamo buhat sa Pinuno ng Kostabularya Metropolitana ng isang katibayan sa pagkakatalang magagamit sa pagkilala sa kaniya at lisensiya.

**TUNT IKA-3. Tining ng pagkakabisa; buwis.**—Bawa't katibayan sa pagkakatala ay magkakabisa sa loob ng isang taon, sa kaniyang tunay na takbo, at maaaring baguhin sa taon-taon.

Sa unang pagkakaloob at sa bawa't pagpapanibago ng bawa't katibayan, ay magbabayad ng limampung sentimo. Kung mawala o masira ang unang sipi, ay dapat na kumuha ng ikalawang sipi na pagbabayaran ng dalawang pu't limang sentimo.

**TUNT. IKA-4. Mga Katangian.**—Walang katibayan sa pagkakatalang ipagkakaloob sa sino mang tao, maliban kung mapatibayan ng kasiyasiya sa Pinuno ng Kostabularya Metropolitana ang kaniyang mabuting

mander. Under no circumstances shall a certificate be issued in favor of any person who has twice or oftener been convicted of any offense against property.

SEC. 5. *Cap and badge.*—Every licensed porter or “cargador” shall at all times while engaged as such wear the regulation hat or cap, the color and pattern of which shall be prescribed by the Metropolitan Constabulary Commander. He shall also wear on the front of said hat or cap a metal badge, bearing the word “porter” or “cargador” and the corresponding number, which shall be issued by the Metropolitan Constabulary Commander, upon the porter or “cargador” making a deposit equal to its value: PROVIDED, That the amount of such deposit shall be returned to him upon surrendering said badge and his certificate.

No porter or “cargador” shall allow any other person to use his badge or cap. In case of the loss of his badge, the same shall immediately be reported to the Metropolitan Constabulary Commander.

SEC. 6. *Schedule of fees and rates.*—The rates of fees chargeable for service rendered by each porter or “cargador” shall be in accordance with the following schedule of fees:

(a) For service rendered to passenger of vessels, ships, boats or any other water craft:

|  |       |
|--|-------|
| For one regular valise.....  | ₱0.20 |
| For two regular valises carried by both hands .....  | .30   |
| For one big valise carried on the shoulder of one person.....  | .30   |
| For one big trunk carried by two persons .....   | .50   |
| For one big trunk carried by one person....  | .30   |
| For one small trunk.....   | .20   |
| For other baggages not specified in this paragraph but which are of the same weight, the same tariff shall govern. |       |

(b) For services rendered to passengers of trains, trucks, automobiles, or any other means of land transportation:

|  |       |
|--|-------|
| For one regular valise.....  | ₱0.10 |
| For two regular valises carried by both hands .....  | .15   |
| For one big valise carried on the shoulder of one person.....  | .15   |
| For one big trunk carried by two persons .....   | .30   |
| For one big trunk carried by one person..  | .15   |
| For one small trunk.....   | .10   |
| For other baggages not specified in this paragraph but which are of the same weight, the same tariff shall govern. |       |

(c) In all other cases, the rate of fees shall be conventional between the parties concerned.

ugali at gawi. Sa alin mang pangyayari ay hindi mabibigyan ng katibayan ang sino mang taong makalawa o malimit na naparusahan sa alin mang kasalanan laban sa ari-arian.

TUNT. IKA-5. *Gorra at tsapa.*—Lahat ng may pahintulot na tagahakot o “cargador”, sa buong panahong gumaganap ng nasabing gawain, ay magtataglay ng iniaatas na *sombrero o gorra*, na ang kulay at ayos ay itatakda ng Pinuno ng Kostabularya Metropolitana. Magtataglay din siya sa harapan ng nasabing *sombrero o gorra* ng isang tsapang metal, na may nakatitik na salitang “tagahakot” (“porter” o “cargador”) at ang nauukol na bilang, na ipagkakaloob ng Pinuno ng Kostabularya Metropolitana, pagkatapos na ang tagahakot o “cargador” ay makapagbigay ng lagak na katimbang ng halaga noon: *Nguni’y dapat matalastas*, na ang halagang inilagak ay ibabalik sa kaniya sa pag-sasauli ng nasabing tsapa at ng kaniyang katibayan.

Walang sino mang tagahakot o “cargador” na magpapahintulot sa sino mang ibang tao na magamit ang kaniyang tsapa o gorra. Sakaling mawala ang kaniyang tsapa, ay dapat ipagbigay-alam agad sa Pinuno ng Kostabularya Metropolitana.

TUNT. IKA-6. *Batayan ng pagsingil at halaga.*—Ang halagang masisingil sa paglilingkod na idulot ng baw’t tagahakot o “cargador” ay dapat na umalinsunod sa batayan ng singiling sumusunod:

(a) Sa paglilingkod na idulot sa mga manlalakbay sa alin mang sasakyan sa tubig.

|  |       |
|--|-------|
| Bawa’t isang pangkaraniwang maleta .....   | ₱0.20 |
| Bawa’t dalawang pangkaraniwang maleta na bitbit ng dalawang kamay .....  | 0.30  |
| Bawa’t isang malaking maleta na pasan sa balikat ng isang tao .....  | 0.30  |
| Bawa’t isang malaking baul na dala ng dalawa katao .....   | 0.50  |
| Bawa’t isang malaking baul na dala ng isa katao .....  | 0.30  |
| Bawa’t isang maliit na baul .....  | 0.20  |
| Sa ibang dala-dalahang hindi nasasaad sa talataang ito, nguni’t katimbang ng bigat, ang singilin na ring na sa itaas ang susundin. |       |

(b) Sa mga paglilingkod na idulot sa mga manlalakbay sa tren, trak, automobil, o alin mang ibang sasakyan sa lupa:

|  |       |
|--|-------|
| Bawa’t isang pangkaraniwang maleta .....   | ₱0.10 |
| Bawa’t dalawang pangkaraniwang maleta na bitbit ng dalawang kamay .....  | 0.15  |
| Bawa’t isang malaking maleta na pasan sa balikat ng isang tao .....  | 0.15  |
| Bawa’t isang malaking baul na dala ng dalawa katao .....   | 0.30  |
| Bawa’t isang malaking baul na dala ng isa katao .....  | 0.15  |
| Bawa’t isang maliit na baul .....  | 0.10  |
| Sa ibang dala-dalahang hindi nasasaad sa talataang ito, nguni’t may katimbang na bigat, ang singilin na ring na sa itaas ang susundin. |       |

(c) Sa lahat ng ibang pangyayari, ang halagang singilingin ay ang pagkasunduan ng magkabilang panig na kinauukulan.

**SEC. 7. Overcharging.**—It shall be unlawful for a porter or “cargador” to demand for services rendered as such, a greater compensation than that specified in the schedule or tariff provided for in the preceding section; all complaints for offenses and disputes as to the rate of compensation shall be submitted to the nearest constabulary officer.

**SEC. 8. Revocation of license.**—Any certificate issued under the provisions of this ordinance may be revoked whenever it shall come to the attention of the Mayor of the City of Manila;

(a) that the porter or “cargador” is abusing his privilege to the damage and prejudice of the public;

(b) that he is discourteous to his customers;

(c) that he demands a compensation greater than that specified in the prescribed schedule of fees;

(d) that he is guilty of improper conduct; or

(e) that he has been convicted of a violation of the provisions of this or any other ordinance or regulation now in force or which may hereafter be enforced

The said revocation shall forfeit to the City all sums which may have been paid for the issuance of said certificate.

**SEC. 9. Regulation.**—The Metropolitan Constabulary Commander is hereby authorized to make from time to time regulations governing the conduct and behaviour of porters or “cargadores” not inconsistent with any provision of this or any other ordinance or law in force.

**SEC. 10. Record.**—The Metropolitan Constabulary Commander shall keep a record of the name, address, number of residence tax and badge of every porter or “cargador” and also the number and the dates of issue and expiration of every certificate.

**SEC. 11. Change of residence.**—All porters or “cargadores” registered under this ordinance shall notify the Metropolitan Constabulary Commander within twenty-four hours of any change of address. Should the porter or “cargador” meet with serious accident or death, his family shall notify the nearest constabulary station immediately, surrendering, in case of death, the porter’s certificate and badge.

**SEC. 12. Penalty.**—Any person violating the provisions of this ordinance shall be punished by a fine of not more than fifty pesos or by imprisonment for not more than twenty days, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court.

**SEC. 13. Inconsistent provision.**—Any provision of Ordinance No. 1811 of the former City of Manila and of any existing City or municipal ordinance, which is inconsistent herewith, is hereby repealed.

**SEC. 14. Effectivity.**—This ordinance shall take effect on June 24th, 1943.

**TUNT. IKA-7. Labis na pagsingil.**—Magiging paglabag sa batas ng isang tagahakot o “cargador” na humingi sa paglilingkod na idulot sa pagbubuhay ng malaki kay sa itinatakda sa batayan o taripang isinasaad sa sinusundang tuntunin; at lahat ng karaingan sa pagkakasala at sigalot sa halagang sinisingil ay dapat na iharap sa lalong malapit na alagad ng kostabularya.

**TUNT. IKA-8. Pagbawi ng lisensiya.**—Alin mang katibayang ipinagkaloob sa bisa ng mga tadhana ng kautusang ito ay maaaring pawalang bisa kung sumakalam ng Alkalde ng Siyudad ng Maynila:

(a) na ang tagahakot o “cargador” ay nagmamalabis sa kaniyang biyaya na hanggang sa makasira o makapinsala sa madla;

(b) na siya’y walang galang sa kaniyang mga suki;

(c) na siya’y humihingi ng paupang malaki kay sa itinatakda na batayan ng singilin;

(d) na siya’y nakagawa ng pagkakasalang paggawi ng hindi mabuti; o

(e) na siya’y naparusahan sa paglabag sa mga tadhana ng kautusang ito o ng alin mang iba pa o sa pamamalakad na pinairal ngayon o pagkatapos nito’y pairalin.

Ang nasabing pagbawi ay magkakabisa ng pag-ilit ng Siyudad sa lahat ng halagang maaaring ibinayad sa pagkakapagkaloob ng nasabing katibayan.

**TUNT. IKA-9. Pamalakad.**—Ang Pinuno ng Kostabularya Metropolitana ay pinahihintulutan, sa pamamagitan nito, na lumagda sa pana-panahon ng mga pamamalakad na pairaling ukol sa kaasalan at gawi ng mga tagahakot o “cargador” na hindi sumasalungat sa alin mang tadhana ng kautusang ito o ng alin mang iba pang kautusan o batas na umiiral.

**TUNT. IKA-10. Talang iingatan.**—Iingatan ng Pinuno ng Kostabularya Metropolitana ang isang talaan ng pangalan, tahanan, bilang ng katibayan sa paninirahan at tsapa ng lahat ng tagahakot o “cargador” at gayon din ang bilang at araw ng pagkakapagkaloob at ang pagtatapos ng taning na panahon ng bawa’t katibayan.

**TUNT. IKA-11. Pagbabago ng tahanan.**—Ang lahat ng tagahakot o “cargador” na natatala sa bisa ng kautusang ito ay magbibigay-alam sa Pinuno ng Kostabularya Metropolitana, sa loob ng dalawang pu’t apat na oras, ng alin mang pagbabago ng tahanan. Kung ang tagahakot o “cargador” ay magdanas ng malubhang kapahamakan o mamamatay, ang kaniyang kaanak ay dapat magbigay-alam agad sa lalong malapit na himpilan ng kostabularya, at isasauli, kung sakaling namatay ang katibayan ng tagahakot at ang tsapa.

**TUNT. IKA-12.**—Sino mang taong lumabag sa mga tadhana ng kautusang ito ay parurusahan ng isang multang hindi hihigit sa limampung piso o ng pagkabilanggong hindi lalagpas sa dalawang pung araw o ang magkalakip na multa pagkabilanggo, ayon sa marapatin ng hukuman.

**TUNT. IKA-13. Salungat na tadhana.**—Alin mang tadhana ng Kautusang Blg. 1811 ng dating Siyudad ng Maynila at ng alin mang umiiral na kautusan ng Siyudad o munisipyong nasasakupan ng Siyudad, na sumalungat dito, ay pinawawalang bisa sa pamamagitan nito.

**TUNT. IKA-14. Pagkakabisa.**—Ang kautusang ito ay magkakabisa sa ika-24 ng Hunyo, 1943,

Done at the City of Manila, this 24th day of May,  
1943.

(Sgd.) LEON G. GUINTO  
*Mayor*

—————◆—————

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-24  
araw ng Mayo, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO  
*Alkalde*

—————◆—————